REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 90-153

KAPASIYAHAN NA NAGLALAAN NG HALAGANG DALAWAMPU'T LIMANG LIBONG PISO (₱25,000) NA IUUKOL SA PAGBILI NG BANGKANG DE MOTOR NA GAGAMITIN SA PAGPAPATROLYA LABAN SA MGA PUMIPINSALA SA MGA BAKLAD NA NASA LAGUNA DE BAY NA NASASAKUPAN NG BARANGAY PUTATAN.

---

SAPAGKAT, nararapat lamang na pangalagaan ang lehitimong pinagkakakitaan at pinaghihirapan ng mga magbabaklad sa lawa ng Laguna;

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng bangkang de motor na magpapatrulya sa lawa ng Laguna ay magsisilbing balakid sa sinumang nagnanais na maminsala sa lehitimong hanapbuhay na pinagkakakitaan sa lawa ng Laguna;

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng bangkang de motor na pampatrulya ay maipapatupad ng maayos at mabilis ang mga pinagtibay na kautusang bayan ng Sangguniang Bayan at iba pang batas na may kinalaman sa pangangalaga ng mga mangingisda, magbabaklad at ng kabuuan ng lawa ng Laguna na nasasakupan ng Barangay Putatan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na naglalaan ng halagang Dalawampu't Limang Libong Piso (₱25,000) na iuukol sa pagbili ng bangkang de motor na gagamitin sa pagpapatrolya laban sa mga pumipinsala sa mga baklad na nasa Laguna de Bay na nasasakupan ng Barangay Putatan;

PINAGTIBAY ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang pang 112 pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-25 ng Hunyo, 1990 sa ginanap sa bulwagan ng Pambayang Taga-usig.

PINAGTIBAY :

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/
Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN :

Mggl. RAUL R. CORRO
Kalihim Pambayan

---

INISPONSOR NI KGG. KONSEHAL ROMAN E. NIEFES

MGA BUMOTO: KGG. JAIME FRESNEDI; KGG. A.MARTINEZ; KGG. N.DIAZ; KGG.N.MOZO; KGG. R.JOAQUIN; KGG.L.CONSTANTINO; KGG. C.TENSUAN

HINDI NAKILAHOK : KGG. R. SMITH AT KGG. VICENTE CHUA

HINDI DUMALO : KGG. E. ESPELETA AT KGG. REY BULAY